

Paano magsumite ng Reklamo:

Sinumang tao, organisasyon o pampublikong ahensya ay maaaring sumulat, mag-fax o mag-email ng kasulatang reklamong UCP kay:

Julie Hall-Panameño, Director
Educational Equity Compliance Office
Los Angeles Unified School District
333 South Beaudry Avenue - 20th Floor
Los Angeles, CA 90017
Fax: (213) 241-3312
EquityCompliance@lausd.net

Sinumang tao na may kapansanan o hindi makapaghahanda ng isang kasulatang reklamo ay makatatanggap ng tulong mula sa administrador/hinirang ng site o mula sa EECO sa (213) 241-7682.

Sinisigurado ng Distrito ang pagiging kumpidensyal sa pinakaposisibleng antas na makakaya nito. Ang mga nagreklamo ay protektado mula sa paghihiganti. Pinagbabawal ng Distrito ang paghihiganti sa sinumang maghahain ng reklamo o sumali sa proseso ng pag-iimbestiga ng reklamo.

Ayon sa E.C. §262.3. ang mga Magreklamo ay pinapayuhan ng mga remedyo sa batas sibil, kabilang ngunit hindi limitado sa, mga utos, mga kautusang pagpigil o iba pang mga remedyo/mga utos na maaring makuha sa ilalim ng pagpapasya ng estado o pederal, panliligalig, pananakot o pang-aaping mga batas kung naaangkop.

Ang kopya ng Patakaran ng Distrito ng UCP at mga pamamaraan sa pagrereklamo ay maaaring makuha nang libre.

Para sa mga katanungan na may kinalaman sa UCP, makipag-ugnayan kay Dr. Joseph Green, UCP Coordinator sa (213) 241-7682.

Imbestigasyon sa Reklamo at Katugunan:

Bawat reklamo ay iniimbestigahan ng opisang naaangkop na may sapat na kaalaman tungkol sa mga naaangkop na mga batas, mga programa at alinsunod sa pagsunod sa mga patakaran/pamamaraan ng UCP. Ang imbestigasyon at tugon ng Distrito:

1. Binibigyan ng pagkakataon ang nagrereklamo at ang Tauhan ng Distrito na makapagpakita ng mga impormasyong may kaugnayan sa reklamo
2. Makakukuha ng mga kaugnay na impormasyon mula sa ibang mga tao o mga saksi na maaaring makapagbibigay ng ebidensya
3. Sumuri sa mga dokumentong may kaugnayan
4. Mga resulta ng isang ulat na nagsasaad ng patungkol sa mga natuklasan sa salitang Ingles o sa pangunahing wika ng nagrereklamo na may mga nilalamang natuklasan sa imbestigasyon at ang desisyon ng Distrito, kabilang ang ginagawang mga aksyon upang itama..
5. Tinatapos ang imbestigasyon sa pamamagitan ng isang ulat na nakasulat na ipinapadala sa nagrereklamo sa loob ng 60 araw mula sa petsa kung kailan natanggap ang nakasulat na reklamo, maliban na lang kung pumayag ang nagrereklamo na pahabain ang imbestigasyon
6. Nagbibigay ng mga pamamaraan sa pag-aapela

Paano Umapela:


Ang mga desisyon/mga natuklasan ng Distrito patungkol sa mga programa at mga aktibidad na nasa ilalim ng UCP ay maaring iapela ng mga nagrereklamo sa pamamagitan ng paggawa ng isang nakasulat na apila sa loob ng labinlimang araw mula sa pagtanggap ng desisyon ng Distrito. Dapat ipaliwanag sa apila ang basehan kung bakit inaapela ang desisyon, sabihin kung paanong ang mga katotohanang naging basehan ng desisyon ng Distrito ay mali at/o ang batas ay hindi nagamit ng tama, at isama ang kopya ng orihinal na reklamo at ng desisyon ng Distrito. Ang apila ay dapat ipadala sa:

California Department of Education
1430 N Street
Sacramento, CA 95814
<http://www.cde.ca.gov/re/cp/uc>

Ang 60-araw na timeline para sa imbestigasyon at ang tugon ng Distrito ay magsisimula kapag natanggap na ang nakasulat na reklamo

Los Angeles Unified School District

Uniform Complaint Procedures (UCP)



Educational Equity Compliance Office (EECO)

(213) 241-7682

Bakit ang pulyetos na ito?

Ito ay isang taunang abiso para sa lahat ng mga stakeholder na pangunahing responsibilidad ng Distrito na naglalayong masunod ang mga naayong batas at regulasyon ng estado at ng pederal, at dapat mag-imbetiga ng mga reklamo na nagpapatang ng kabiguang sumunod sa mga ito, ngunit hindi limitado sa mga paratang ng ilegal na diskriminasyon, panggigipit, intimidasyon o pang-aapi laban sa anumang grupong protektado o mga hindi sumusunod sa batas na may mga kaugnayan sa lahat ng mga programa at mga aktibidad na sumasailalim sa UCP na nabanggit sa pulyetos na ito. Inaasahan ng Distrito na maresolba ang mga reklamo alinsunod sa mga pamamaraan ng California Code of Regulations §§4600-4687 at ng mga patakaran/mga pamamaraan ng Distrito, kabilang ang pagganti sa partisipasyon sa proseso ng UCP at/o sa mga apela sa mga desisyon ng Distrito tungkol sa mga reklamo.

Ang pamantayan ng abiso tungkol sa karapatang edukasyonal at mga proseso ng reklamo para sa mga mag-aaral na nasa bahay ampunan, mga mag-aaral na walang tirahan, mga kabataang mag-aaral na nagkakaso sa korte na ngayon ay naka-enrol sa distrito at mga mag-aaral na nasa isang militar na pamilya ay nakapaskil sa nakatakdang Education Codes (EC) §§48645.7, 48853, 48853.5, 49069.5, 51225.1 at 51225.2.

Sakop Ng Mga Protektadong Grupo:

Ang mga alegasyong ilegal na diskriminasyon, panggigipit, intimidasyon o pang-aapi sa mga estudyante batay sa mga protektadong grupo, ay nakasaad sa Penal Code §422.55, EC §§200, 220, at Government Code §11135, kabilang ang aktwal o pinaghihinalang kasarian, sekswal na oryentasyon, kasarian, pagkakakilanlan ng kasarian, pagpapahayag ng kasarian, lahi o etnisidad, pagkakakilanlan ng etnikong grupo, lipi, nasyonalidad, bansang pinagmulan, katayuan sa imigrasyon, relihiyon, kulay, kapansanan sa isip o sa pisikal, edad, o batay sa asosasyon ng isang tao sa isang tao o sa isang grupo na may isa o higit pang aktwal o hinihinalang mga kategorya, sa kung anumang programa o aktibidad na kabilang ito o kung saan binibigyan ito ng makabuluhang pagtulong.

Ang mga reklamo ng diskriminasyon, panggigipit o pang-aapi ay kinakailangang maisampa sa loob ng anim na buwan mula sa petsa kung kailan naganap ang pinaparatang na insidente o ang petsa kung kailan unang nalaman ang mga katotohanan ng pinaparatang na insidente.

Hurisdiksiyon ng UCP:

- Ilegal na diskriminasyon, panggigipit, intimidasyon o pang-aapi sa mga protektadong grupo (empleyado-sa-estudyante, estudyante-sa-estudyante, ikatlong partido sa estudyante, empleyado-sa-ikatlong partido)

Iba pang mga programa at aktibidad na sakop ng UCP:

- Edukasyong pang-matanda
- Edukasyon at kaligtasan pagkatapos ng eskwela
- Edukasyong Teknikal sa Agrikulturang Karera
- Mga sentro ng edukasyon ng mga Amerikanong Indiyano at mga pagtasa ng programang pang-edukasyon sa unang bahagi ng bata
- Edukasyong bilingguwal
- Tulong sa kauri sa California at mga programa ng pagsusuri para sa mga guro
- Karerang teknikal at edukasyong teknikal at karerang teknikal; teknikal na pagsasanay (Estado)
- Edukasyong Teknikal na Karera (Pederal)
- Pag-aalaga at paghubog sa Kabataan
- Nutrisyon ng Bata
- Edukasyong Babayaran
- Pinagsama-samang kategorikal na tulong
- Mga Peryodikong Kurso na walang edukasyon na nilalaman
- Tulong sa epekto ng ekonomiya
- Edukasyon ng mga mag-aaral sa kinakapatid na pag-aalaga, mga mag-aaral na walang tirahan, dating mga batang mag-aaral ng korte na nakatala na ngayon sa isang distrito ng paaralan, mga anak ng mga pamilya ng militar, mga mag-aaral na naglilipat tirahan at mga mag-aaral na sumasali sa mga programa ng bagong dating.
- Panukalang Batas na Lahat ng Estudyante ay Magtatagumpay/Walang Batang Maiwan (Titulo I-VII)
- Mga Plano ng Lokal na Kontrol at Pananagutan (LCAP)
- Edukasyon para sa mga migrante
- Mga minuto sa pagtuturo ng edukasyong pisikal
- Mga bayarin ng estudyante
- Makatuwirang akomodasyon para sa isang mag-aaral na may nagpapagatas, at mga mag-aaral na buntis at magulang.
- Mga Sentrong Propesyonal at mga Programa sa Rehiyon
- Mga Plano para sa Kaligtasan ng Paaaralan
- Espesyal na Edukasyon
- Preschool ng Estado
- Edukasyon para sa pag-iwas sa paggamit ng Tabako.

Ang isang estudyante na kabilang sa isang ekuwelahan sa Distrito ay hindi kinakailangang magbayad ng singil para sa mga esudyante na sasali sa isang edukasyonal na aktibidad. Ang mga singil sa estudyante ay mga singil na hinihingi bilang kundisyon sa pagrehistro sa paaralan o sa mga klase, o bilang isang kundisyon sa pagsali sa isang klase o aktibidad na ekstrakurikular, hindi alintana kung ang klase o aktibidad ay elektibo o sapilitan o para sa kredito; isang deposito ng seguridad, o iba pang bayad, na kinakailangan ng estdyante upang makakuha ng kandado, laker, libro, mga aparato para sa klase, instrumentong pangmusika, mga damit, o iba pang mga materyales o kagamitan; isang pagbili na kinakailangang gawin ng isang estudyante upang makakuha ng mga materyales, mga gamit, kagamitan, o mga damit na nauugnay sa gawaing pang-edukasyon. Ang isang reklamo tungkol sa singil sa estudyante ang maaaring isampa sa prinsipal ng paaralan, sa Superintendente o sa hinirang.

Ang reklamo ay maaaring isampa ng walang pagkakakilanlan kung ito ay makapagbibigay ng ebidensya o impormasyon na humahantong sa katibayan sa ebidensya bilang suporta sa alegasyon ng hindi pagsunod, kabilang ang singil sa estudyante at mga reklamong LCAP. Ang reklamo ng singil sa estudyante ay maaaring isampa ng hindi lalampas ng isang taon mula sa petsa kung kailan naganap ang pinaparatang na paglabag.

Ang Distrito ay susubukan nang may mabuting pananampalataya upang makagawa ng makatuwirang mga pagsisikap upang makilala at ganap na bayaran ang lahat ng mga mag-aaral, mga magulang/mga tagapag-alaga na nagbayad ng singil sa estudyante, sa loob ng isang taon bago maisampa ang reklamo.

Kung may napanatunayang may merito ang reklamo, isang remedyo ang ipagkakaloob sa apektadong estudyante sa mga kasong patungkol sa mga peryodiko ng kurso na walang edukasyonal na nilalaman, makatuwirang kaluwagan sa isang estudyanteng naggagatas, edukasyon ng mga estudyante sa bahay-ampunan, mga estudyanteng walang tahanan, mga kabataang mag-aaral na nagkakaso sa korte na ngayon ay kabilang sa paaralan ng ating distrito at/o mga mag-aaral na nasa isang pamilya ng militar; isang remedyo ang ibibigay sa lahat ng mga apektadong mga estudyante at mga magulang/mga tagapag-alaga sa mga kasong may kinalaman sa singil sa estudyante, mga minuto sa pagtuturo ng edukasyong pisikal at/o mga LCAP.